



Ebola Q & A: Ano ito at Ano ang Ginagawa sa County ng San Diego

Ang kasalukuyang pagkalat ng Ebola ay nakasentro sa tatlong mga bansa sa West Africa: Guinea, Liberia, at Sierra Leone, gayunpaman ang higit pang pagkalat nito ay maaaring mangyari sa karatig na mga bansang Aprikano. Ang polyetong ito ay naglalarawan sa pangkalahatang impormasyon tungkol sa Ebola, at kung ano ang ginagawa ng Ahensya ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pangtao sa County ng San Diego tungkol sa pagpigil sa pagkalat nito, at maprotektahan ang kanyang mga residente. Ang Ebola ay **hindi** nagbibigay ng malaking panganganib sa publiko ng U.S., dahilani sa kung paano kumakalat ang sakit.

Ano ang Ebola?

- Ang Ebola ay isang malala, kadalasang nakakamatay na sakit na gawa ng birus ng Ebola. Ang mga sintomas ay lumilitaw sa loob ng 21 araw mula sa pagkalantad dito.
- Ang mga taong nadapuan ng Ebola ay hindi nakakahawa maliban kung sila ay magkaroon ng mga sintomas ng Ebola: lagnat, labis na pananakit ng ulo, sakit ng masel, pagsusuka, pagtatae, sakit ng tiyan, o hindi maipaliwanag na pagdurugo o pagkasugat.

Paano kumakalat ang Ebola?

Ang Ebola ay kumakalat sa pamamagitan ng kontak sa :

- Dugo o mga likidong galing sa katawan ng isang nahawaang tao (tulad ng laway o ihi).
- Mga bagay (tulad ng mga karayom) na nadumihan ng mga likidong galing sa taong nahawaan.
- Isang nahawaang hayop, o sa pamamagitan ng pagkain ng nahawaang karne ng hayop pangkalikasan.

Naililipat ba ang Ebola sa pamamagitan ng hangin ?

Hindi. Ang Ebola ay hindi isang sakit sa paghinga tulad ng flu, kung kaya ito ay **hindi** naililipat sa pamamagitan ng hangin.

Maaari ko bang makuha ang Ebola mula sa nadumihang pagkain o tubig?

Hindi. Ang Ebola ay **hindi** naikakalat sa pamamagitan ng pagkain, MALIBAN sa pamamagitan ng nahawaang karne ng hayop pangkalikasan.

Hindi. Ang Ebola ay **hindi** naikakalat sa pamamagitan ng tubig.

Maaari ko bang makuha ang Ebola mula sa isang taong nahawaan subalit walang anumang mga sintomas?

Hindi. Ang mga taong **walang** mga sintomas ay **hindi** nakakahawa. Para mailipat ang Ebola, ang tao ay dapat magkaroon ng direktong kontak sa isang taong maysakit na may mga sintomas ng Ebola.

Ano ang ginagawa para mapigilan ang mga pasaherong galing sa West Africa sa pagsakay sa eroplano?

Ang Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit (CDC) ay tumutulong sa aktibong mga pagsisikap sa pagsusuri at edukasyon sa naapektuhang mga bansa ng Guinea, Liberia, at Sierra Leone, sa West Africa upang mapigilan ang mga maysakit na nagbibiyahang mga pasahero para sa mga sintomas ng Ebola. Ang mga pasahero ay inaatasang sumagot sa katanungang pangkalusugan. Ang CDC ay nagpapadala ng mga tauhan sa naapektuhang mga lugar upang tumulong sa pagbuo sa kakayahan ng mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan at upang tulungang pigilan ang pagkalat ng salot.

Anong uri ng pagsusuri ang ginagawa sa U.S.?

Limang malalaking mga paliparang internasyonal ng U.S. ang nagsusuri sa mga pasyenteng galing sa Guinea, Liberia, at Sierra Leone, para sa lagnat at posibleng pagkalantad sa Ebola, ayon sa CDC at sa Kagawaran ng Segurong Pambansa (Department of Homeland Security).

Pagsusuri—ang pagtsek para sa lagnat—ay nangyayari sa Paliparang Internasyonal ng JFK New York, Washington-Dulles, Newark, Chicago-O'Hare, at Atlanta. Higit sa 94 porsyento ng mga nagbibiyahang galing sa West Africa ang dumarating sa pamamagitan ng mga lugar na ito na pinapasukan sa U.S.

Ayon sa patnubay ng CDC, ang mga awtoridad ng kalusugang pampubliko ay gumagawa ng aktibong pagmamatyag pagkatapos dumating ang mga nagbibiyahang ang simula ng biyaha ay nanggagaling sa Guinea, Liberia, o Sierra Leone. Ang aktibong pagmamatyag pagkatapos dumating ay nangangahulugan na ang mga nagbibiyahang walang lagnat o iba pang mga sintomas na kaugma sa Ebola ay susundan araw-araw ng mga kagawarang pangkalusugan na pang-estado at lokal ng 21 araw mula sa petsa kung kailan sila ay umalis mula sa West Africa.

Ano ang ginagawa ng County ng San Diego para maprotektahan ang kanyang mga residente mula sa Ebola?

Ginagawa ng County ng San Diego ang sumusunod:

- Nakikipagtulungan sa mga lokal na medikal na manggagamot upang makilala ang Ebola.

(Ipinagpatuloy sa likod)

- Mayroong mga patakaran, propesyonal na mga tauhan, at isang malakas na network ng mga kasosyo upang protektahan laban sa higit pang pagkalat ng sakit.
- Nakikipagtulungan sa Estado ng California at sa CDC upang lumikha ng pamamatnubay at mga kagamitan para sa mga imbestigayon sa kalusugang pampubliko, at pagbibigay ng mga rekomendasyon para sa pagkontrol ng mga impeksyon ng pangangalagang pangkalusugan upang mapigilan ang pagkalat ng sakit.
- Nagpapadala ng pinakabagong impormasyon sa pangkalahatang publiko, mga nagbibiyaheng internasyonal at mga kasosyo sa kalusugang pampubliko.
- Nag-isyu ng isang babala ng kalusugan sa lokal na mga medikal na manggagamot tungkol sa kahalagahan ng paggawa ng mga hakbang para mapigilan ang pagkalat ng birus na ito, kung paano tinetesting at ihinihiwalay ang pinaghihinalaang mga pasyente, at kung paano nila mapoprotektahan ang kanilang sarili mula sa pagkahawa.

Kung ang isang kaso ng Ebola ay lokal na nangyari, ang mga tauhang mahusay-na-sinanay ay mag-iimbestiga at hahanapin ang sinumang mga kamakailang kinontak ng tao. Kinakailangang hanapin ng County ang lahat ng mga taong nagkaroon ng direktong kontak sa tao kung kailan sila ay nagpamalas ng mga sintomas at ihiwalay ang mga kontak kung kailan sila rin ay nagpamalas ng mga sintomas upang hintuan ang pagkalat ng sakit. Ang sinumang nagkaroon ng kontak sa isang nahawaang pasyente ay mamanmanan ng 21 araw para sa anumang mga sintomas ng birus ng Ebola.

Para sa higit pang impormasyon:

- Para sa mga update ng Ebola: www.cdc.gov/vhf/ebola/
- Kalusugan ng mga Nagbibiyahe: www.cdc.gov/travel
- Patnubay ng Airline: www.cdc.gov/quarantine/air/managing-sick-travelers/ebola-guidance-airlines.html